# LITANYA SA BANAL NA SANTATLO

(Isinalin ni Sr. Elizabeth Carranza, TST)

Namumuno: Luwalhati sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.
*Bayan:* ***Kapara noong una, ngayon at magpakailanman, magpasawalang-hanggan. Amen.***

Kapuri-puri ang Banal na Santatlo, tatlong persona sa Iisang Diyos na Pag-ibig.
***Luwalhati at papuri Sainyo magpakailanman.***

Kapuri-puri ang Banal na Santatlo, Dakilang Maylikha, Manunubos
at Tagapagpadaloy ng buhay ng lahat ng nilalang at ng buong sangnilikha.
***Luwalhati at papuri Sainyo magpakailanman.***

Panginoon, maawa Ka…***Panginoon, maawa Ka.***

Kristo, maawa Ka…***Kristo, maawa Ka.***

Panginoon, maawa Ka…***Panginoon, maawa Ka.***

Banal na Santatlo…***Pakinggan Nyo kami.***

Banal na Santatlo…***Pakapakinggan Nyo kami.***

Diyos Ama sa Langit…***Maawa Ka sa amin at sa buong sanlibutan.***
Diyos Anak, Manunubos ng Sangnilikha…
Diyos Espiritu Santo, Panginoon at Bukal ng Buhay…
Banal na Santatlo, Iisang Diyos…
Aming Ama magpakailanman…
Bugtong na Anak ng Ama…
Espiritung nagmumula sa Ama at sa Anak…
Banal, banal, banal, Panginoong Diyos ng mga hukbo…
Ang Noon, Ang Ngayon at Ang Magpakailanman…
Tatlong Personang Diyos na Kataas-taasan, nagbibigay ng walang-hanggang buhay…
Siya lamang karapat-dapat na bigyan ng parangal at luwalhati…
Siya lamang bukal ng buhay…
Siya lamang bukal ng pag-ibig…
Siya lamang saligan ng lahat ng ugnayan…
Siya lamang tagapaglikha…
Siya lamang pag-ibig na di-maipahiwatig…
Siya lamang buhay na di-malirip…
Siya lamang katarungang walang-maliw…
Siya lamang habag na di-maunawaan…
Siya lamang bukal ng mapanubos na biyaya…
Siya lamang banal na mangagamot…

Iligtas Mo kami Panginoon…***Nang kami'y maging dapat sa mga pangako ni Kristo***.

Panginoon, ipadala Mo ang Iyong Espiritu…***O Banal na Santatlo, iligtas Nyo kami.***
Nang mapanibago ang mukha ng mundo…***O Banal na Santatlo, pakapakinggan Nyo kami.***

Nang maligtas kami sa mga baluktot na paghahangad…***O Banal na Santatlo, iligtas Nyo kami.***
Nang maligtas kami sa lahat ng mga kasalanan…
Nang maligtas kami sa lahat ng mga mapanirang pagnanasa…
Nang maligtas kami sa lahat ng mga paghahangad sa yamang di nakapagbibigay-buhay…
Nang maligtas kami sa lahat ng mga hilig na lampas sa aming pangangailangan…
Nang maligtas kami sa lahat ng kapabayaan…
Nang maligtas kami sa lahat ng kalabisan…
Nang maligtas kami sa lahat ng katakawan…
Nang maligtas kami sa lahat ng pagwawalang-bahala sa aming kapwa…
Nang maligtas kami sa lahat ng pagwawalang-bahala sa kalikasan…
Nang maligtas kami sa lahat ng pagkabulag sa Iyong mga Utos na nakaukit sa kalikasan…
Nang maligtas kami sa lahat ng pagkabulag sa Batas ng Buhay…
Nang maligtas kami sa lahat ng salungat sa Iyong banal na kautusan at batas ng kalikasan…
Nang maligtas kami sa lahat ng maling paggamit sa Iyong mga nilikha…
Nang maligtas kami sa paglalason sa Iyong mga nilikha…
Nang maligtas kami sa pagtatakwil sa Iyong biyaya…
Nang maligtas kami sa lahat ng maghihiwalay sa amin Sayo…
Nang maligtas kami sa pagtanggi sa aming mga tungkulin sa Iyong sangnilikha…
Nang maligtas kami sa pagtanggi sa amng mga tungkulin sa aming kapwa…
Nang maligtas kami sa lahat ng tumutukso sa aming talikdan ang Iyong Banal na Kalooban

Kami'y mga makasalanan…***tulungan Mo kami Panginoon.***
Hangad namin ang Iyong biyaya upang kami at ang buong sangkatauhan
ay ibigin Ka nang buong puso, nang buong kaluluwa, nang buong lakas…
Hangad namin ang Iyong biyaya nang kami at ang buong sangkatauhan
ay ibigin ang kapwa gaya ng aming pag-ibig sa aming mga sarili…
Hangad namin ang Iyong biyaya nang kami at ang buong sangkatauhan
ay maging tapat sa Iyong mga Banal na Utos…
Hangad namin ang Iyong biyaya nang kami at ang buong sangkatauhan
ay huwag dungisan ang aming kaluluwa, ang aming katawan at ang aming mundo…
Hangad namin ang Iyong biyaya nang kami at ang buong sangkatauhan
ay di kailanman dungisan ang mga sangkap ng kalikasn na nagpapadaloy ng buhay…
Hangad namin ang Iyong biyaya nang kami at ang buong sangkatauhan
ay mamuhay sa sapat lamang…
Hangad namin ang Iyong biyaya nang kami at ang buong sangkatauhan
ay lumago sa mabuting pagpapasya…
Hangad namin ang Iyong biyaya nang kami at ang buong sangkatauhan
ay lumago sa katarungan…

Hangad namin ang Iyong biyaya nang kami at ang buong sangkatauhan
ay lumago sa katatagan…
Hangad namin ang Iyong biyaya nang kami at ang buong sangkatauhan
ay lumago sa pagtitimpi…
Hangad namin ang Iyong biyaya nang masumpungan namin
ang Iyong Presensya sa lahat Mong nilikha…
Hangad namin ang Iyong biyaya nang marinig Ka namin
Sa Iyon mga nilalang at makilala Ka naming sa lahat ng bagay…
Hangad namin ang Iyong biyaya nang isang araw
ay sasambahin Ka namin sa Iyong kaluwalhatian sa langit…

O Banal na Santatlo…***sumasamo kami, kami'y Iyong sagipin.***
O Banal na Santatlo…***sumasamo kami, kami'yIiyong iligta.s***
O Banal na Santatlo…**maawa ka sa amin at sa buong sanlibutan.**

Panginoon, maawa Ka…***Panginoon, maawa Ka***
Kristo, maawa Ka… ***Kristo, maawa Ka***
Panginoon, maawa Ka… ***Panginoon, maawa Ka***

Namumuno: Banal ang Iyong Kalooban, O Panginoon, sa lupa para nang sa langit.
Bayan: ***Nawa'y ika'y purihin, ipagbunyi at mahalin magpakailanman.***

Namumuno: Manalangin tayo…

Bayan: ***Dakila at walang-hanggang Diyos, nilikha Mo ang sangkatauhan bilang sukdulan ng Iyong paglikha, hanguin Mo kami ng Iyong biyaya nang maranasan namin ang kagalingan mula sa aming pagkalugmok. Gabayan Mo Kami ng Iyong biyaya nang maiayon namin ang aming kalooban sa Iyong Banal na Kalooban. Ipagsangggalang Mo mula sa mga baluktot na hilig ang lahat Mong nilalang. Banal na Santatlo, Bukal ng Lahat ng Pag-ibig, Ugnayan, at Buhay, sinasamba Ka namin at sumasamo kami Saiyo nang sa pamamagitan ng Iyong biyaya ay aming masumpungan at ibigin ang bakas ng Iyong luwalhati sa lahat mong nilikha. At nawa'y mapanatili namin ang kaayusan ng aming Pangkalahatang Tahanan para sa lahat ng salinlahi habang patuloy kaming naglalakbay patungo Saiyo.***

Namumuno: Ama, hinihiling namin ang lahat ng ito sa pamamagitan ng aming Panginoong HesuKristo na namumuhay at naghaharing kasama Mo at ng Espiritu Santo, Iisang Diyos, magpakailanman at magpasawalang-hanggan.

Bayan: ***Amen.***